## Footage ng Protesta na may Sumisigaw nang Pabor kay Duterte
## 2025-050-FB-UA

Noong Marso 2025, ilang saglit matapos arestuhin ang dating pangulo ng Pilipinas na si Rodrigo Duterte para harapin ang mga kasong inilatag ng International Criminal Court (ICC) dahil sa diumanong mga krimen niya laban sa sangkatauhan, isang Facebook user ang nag-reshare ng isang walong segundong video. Ito ay orihinal na post ng isa pang Facebook user at nagpapakita ng grupo ng mga taong nagpoprotesta sa lansangan, nang may bitbit na mga karatula at bandila ng Serbia.

Ang video ay may audio ng mga taong paulit-ulit na sumisigaw ng "Duterte!" Sinasabayan ang video ng makabayang kantang Tagalog na "Bayan Ko" na sumikat noong panahon ng mga protesta laban sa diktadurang Marcos. May nakalagay ring text sa video na "Netherland." May caption ang orihinal na post na "Mga tagasuporta sa Netherlands," habang ang post naman na nag-reshare sa video, na paksa ng kasong ito, ay may mga emoji ng nagmamakaawang mukha at walang text. Ni-rate bilang "false" o peke ng mga fact-checker ng Meta ang isang katulad na footage, na may katulad na audio at inilarawan bilang mga protestang pabor kay Duterte. Lumalabas na ang orihinal na video footage ay isang protesta laban sa katiwalian na nangyari sa Serbia, at hindi isang rally na pabor kay Duterte sa Netherlands, kung saan nakabase ang ICC. Dagdag pa rito, lumalabas na walang kaugnayan ang audio sa rally na ipinakikita sa video.

Noong na-post ang orihinal na video, tinukoy ng isang Meta classifier na posibleng mali ang impormasyong nasa content at ipinadala ito sa mga third-party na fact-checker para ipasuri. Ayon sa Meta, "kayang ma-detect ng teknolohiya nito ang mga post na posibleng may maling impormasyon batay sa iba't ibang signal, gaya ng kung ifa-flag ito ng mga user bilang pekeng impormasyon o kung 'magpapahayag ng pagdududa' sa mga komento." Ang mga fact-checker ang nagpapasya kung aling mga post ang susuriin, at ayon sa Meta, hindi ni-rate ng mga fact-checker ang orihinal na post. Pagkalipas ng ilang araw, iniulat ng isang user ang content na nag-reshare sa

orihinal na post. Batay sa mga alituntunin nito sa pagsasapriyoridad ng mga pagsusuri, hindi sinuri ng Meta ang content, at nanatili ito sa Facebook.

Pagkatapos maabisuhan tungkol sa desisyon ng Meta na panatilihin ang content, inapela ng user na nag-ulat ng post ang desisyon ng Meta. Sinuri ng isang moderator ang paunang desisyon at pinanindigan niya ito. Pagkatapos, umapela ang user sa Oversight Board. Sa pahayag niya sa Board, sinabi ng user na "mapanlinlang" ang video dahil hindi naman naganap ang diumanong protestang pabor kay Duterte.

Pinili ng Board ang kasong ito para tasahin kung paano tinutugunan ng mga patakaran at kasanayan sa pagpapatupad ng Meta ang maling impormasyon, lalo na kapag shine-share ang mga ito sa gitna ng matitinding tensiyon sa politika. Ayon sa patakaran nito sa Maling Impormasyon, inaalis ng Meta ang content na direktang may kinalaman sa pisikal na pananakit, at sa "pangingialam sa botante o census." Para sa iba pang uri ng maling impormasyon, nakatuon ang kumpanya sa "pagpigil sa paglaganap nito" at sa "pagtataguyod ng makabuluhang diyalogo." Sa labas ng Estados Unidos, maaaring i-refer ang content sa mga fact-checker. Napapailalim ang kasong ito sa strategic na priyoridad ng Board sa Eleksiyon at Pampublikong Larangan.

Bilang resulta ng pagpili ng Board sa kasong ito, ipinasa ulit ng Meta ang orihinal na post para masuri ng mga fact-checker. Ipinaliwanag ng Meta na ganap na ipinauubaya sa mga fact-checker ang pagpili sa kung aling content ang susuriin, kung anong rating ang ipapataw, at kung paano ipapataw ng Meta ang nasabing rating sa katulad o halos katulad na content.

Malugod na tatanggapin ng Board ang mga komento mula sa publiko tungkol sa sumusunod:

- Mga kamakailang trend sa paglaganap ng maling impormasyon sa politika sa Pilipinas at kung paano nito hinuhubog ang reaksiyon ng publiko sa mga kasalukuyang kaganapan.

- Saklaw, kasapatan, at epekto ng mga patakaran ng Meta tungkol sa maling impormasyon sa politika.
- Kung paano nakaaapekto ang third-party na fact-checking sa kalayaang magpahayag at iba pang karapatang pantao sa mga talakayang mahalaga sa publiko.
- Kung paano isinasapriyoridad ng mga third-party na fact-checker ang content para sa pagsusuri at kung paano nila tinutugunan ang content na katulad o halos katulad ng mga post na na-fact check na.
- Pananaliksik sa mga epekto ng programa ng Meta sa third-party na fact-checking, at mga alternatibo o pansuportang hakbang.

Bilang bahagi ng mga desisyon nito, puwedeng mag-isyu ang Board ng mga rekomendasyon sa patakaran sa Meta. Bagaman hindi mandatoryo ang pagpapatupad sa mga rekomendasyon, dapat sagutin ng Meta ang mga ito sa loob ng 60 araw. Dahil dito, tumatanggap ang Board ng mga komento mula sa publiko na nagpapanukala ng mga rekomendasyong angkop sa kasong ito.